Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 31 NG ENERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 023-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 3-T'2001/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 03-T' 2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION IV NA NAGPAPATIBAY NG HALAGANG ISANG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG LIBO, APAT NARAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO AT DALAWAMPU'T DALAWANG SENTIMOS (P152,452.22) MULA SA 20 BAHAGDANG KABAHAGI NG RENTAS INTERNAS UPANG ILAAN SA MGA PROGRAMA, PROYEKTO AT GAWAING PANGKAULARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY SA TAONG 2001.*

*SAPAGKAT*, sa bisa ng Kapasiyahan Blg.3-T'2001 /Kautusang Barangay Blg. 3-T'2001 ay pinagtibay ng Sangguniang Barangay ang halagang nakasaad sa itaas nito sa layuning mapaglaanan ng Barangay Poblacion IV ang mga programa, proyekto at gawaing pangkaunlaran ng nabanggit na barangay sa taong ito;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 3-T'2001 / Kautusang Barangay Blg. 3-T'2001 ng Sangguniang Barangay Poblacion IV na nagpapatibay ng halagang P152,452.22 mula sa 20 bahagdang kabahagi ng rentas internas upang ilaan sa mga programa, proyekto at gawaing pangkaunlaran ng nabanggit na barangay sa taong 2001.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay Poblacion IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan